# Sta. Rosa Sur-San Rafael Farm-to-Market Road Groundbreaking Ceremony isinagawa

Pinangunahan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang *groundbreaking ceremony* ng Sta. Rosa Rosa Sur-San Rafael *Farm-to-Market Road Project* noong Disyembre 21, 2011.

Ang pinakatampok na bahagi nito ay ang paghulog ni Gob. Tallado sa *time capsule* na naglalaman ng mga impormasyon ukol sa naturang proyekto para sa kaalaman ng mga susunod na henerasyon. Ito ay sinaksihan ng mga opisyal ng bayan ng Jose Panganiban at mga kinauukulang punong barangay na makahuhukay nito.

Una rito, idinaos muna ang isang *community mass* na pinangasiwaan ni Rev. Fr. Joselito Chavez. Ang pag-awit ng Lupang Hinirang ay pinangunahan ni Ms. Hilda Solomon at *welcome* at *opening remarks* mula kay PB Manolito Solomon ng Brgy. Sta. Rosa Sur.

Kasunod nito, nagbigay ng kani-kaniyang mensahe sina Mayor Padilla at Gob. Tallado na parehong binigyang-diin ang masidhing adhikain ng mga pamahalaang lokal at nasyonal na ipagpatuloy at mas pagibayuhin ang mga inisyatibong pangkapayapaan sa pamamagitan ng mga programang pangimprastraktura para maisulong ang tunay na pagbabago at pambansang kaunlaran.

Ipinahayag ni Gob. Tallado na inaasahan niya na ang naturang proyekto ay hindi lamang maging daan kundi magsilbi ring tulay para sa mas mabilis at bukas na komunikasyon sa pagitan ng pama-

(Sundan sa pahina 6)






*Ang MOA Signing at Ground-breaking ceremonies ng Sta Rosa-San Rafael farm to market road na pinangunahan ni Gob. Egay Tallado at Mayor Ricarte Padilla ng J. Panganiban. Katuwang ang PEO sa pamumuno ni PE Cesar Paita at Engr.*



Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 2, BLG. 8 DAET, CAMARINES NORTE DISYEMBRE 2011
Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.arines Norte
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



Gob. Edgardo A. Tallado

nasa loob
EDITORYAL 4
Team Building Pictorial 5

# Ilang barangay sa Daet, Labo at Vinzons humabol sa Multi-Services ngayong taong 2011

Wala nang hahanapin pa ang publiko sa *Provincial Multi-Services Caravan* na inihahatid ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado sa iba't-ibang barangay ng lalawigan tuwing araw ng Biyernes. Tinutugunan nito ang halos lahat ng pa-ngunahing panganga-ilangan ng mga tsgs-barangay mula sa mga serbisyong pangmedi-kal, pangkalusugan, at pang-nutrisyon; oportu-nidad sa edukasyon, trabaho at hanapbuhay; suporta sa sektor ng agrikultura at paghahayupan at programang pangkalikasan; tulong na pampinansyal at panteknikal sa mga

(Sundan sa pahina 4)





# Merry Christmas & a Prosperous New Year !!!

# 60 kabataan dito, pasok sa Phil-Nippon Training Center

Animnapung (60) kabataan mula sa iba't-ibang bayan dito sa Camarines Norte ang mapalad na kabataan nakapasa sa ibinigay na pagsusulit at interbyu ng *Philippine Nippon Training Center (PNTC)* noong Disyembre 14-15, 2011. Naisakatuparan ito sa pamamagitan ng *Public Employment Service Office (PESO)* na nasa ilalim ng pangangasiwa ng *Provincial Planning Office and Development Office (PPDO)* na pinamumunuan ni *Arch.* Madonna A. Abular, *Provincial Planning Development Coordinator*.

Itinaguyod ito ng administrasyon ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado sa hangarin nitong makapagbigay ng oportunidad sa mga mahihirap na kabataan na makapagsanay at makapag-aral ng mga kursong bokasyonal, at magkaroon ng matatag na hanapbuhay.

Ang *Phil-*Nippon *Training Center (PNTC)* ay isang rehistrado at awtorisadong *training institution* na akreditado ng *Technical Education and Skills Development Authority (TESDA)*. Nagbibigay ito ng pagsasanay sa mga kabataan katulad ng *welding, electronics, machining* at *painting*. Sa loob ng pitong (7) buwan, ang mga kwalipikadong aplikante ay isinasailalim sa pagsasanay sa kanilang *training center* sa Calamba, Laguna.

Pagkatapos nito, ipadadala naman sila sa Japan para sa tatlong (3) taong *internship training* sa ilalim ng TESDA - *Jam International Training Company (JITCO) Training Program* kung saan ang mga aplikante ay makatatanggap ng kaukulang sahod at *allowance* bawat buwan.

Magugunita na sa taong 2008, ang *Greenlife Foundation* na ngayon ay *PNTC* ay nangalap na rin ng mga aplikante mula rito sa lalawigan para sa kanilang *TESDA-JITCO Training Program* kung saan maraming kababayan natin ang pinalad na nakapagsanay sa Japan at nakatanggap ng magandang sweldo at *allowance*.

Patuloy pa rin ang *PNTC* SA pagtanggap ng mga aplikante sa nasabing *training program*. Para sa mga interesado, ang mga kwalipikadong mag-aplay ay ang mga sumusunod:

1. *At least high school graduate;* 2. 18-25 taong gulang ang edad; 3. May taas na hindi bababa sa 155 *cms.;* 4. Dapat makapasa sa eksaminasyon at interbyu, at 5. Physically at *mentally fit*.

Ang naging punong abala sa pangangalap ng mga aplikante para sa nabanggit na *training program* ay si *Statistician II* Nida N. Tosoc ng *PPDO* na nakatalagang *Provincial PESO Manager*. Nakatuwang niya sa gawain ang ilang kawani ng *PPDO*.

Para sa iba pang interesadong makapag trabaho sa lokal o sa ibayong -dagat man, mangyaring magtungo lamang sa *PPDO, Provincial Capitol*, Daet, Camarines Norte kung saan nakapaloob ang *PESO Provincial Office*. ***MARILYN P. ASIS***

# Provincial Core Teams ng DRR Project sa Bikol inorganisa ng NEDA RO5

Sa isang *orientation meeting* ng *National Economic and Development Authority (NEDA)* kamakailan, inorganisa nito ang *Provincial Core Teams* para maisama ang *Disaster Risk Reduction and Climate Change Adaptation (DRR/ CCA)* sa proseso ng *Local Development Planning and Decision-Making*. Binuo ang mga *Provincial Core Teams (PCTs)* upang mapabilis ang pagbalangkas ng *DRR/CCA Enhanced Provincial Development and Physical Framework Plan (EPDPFP)*.

Animnapu't-apat (64) na mga kinatawan mula sa anim na lalawigan ng Rehiyong Bicol ang dumalo rito. Ang bawat *Provincial Core Team* ay binubuo ng humigit-kumulang na sampung empleyado mula sa iba't-ibang departarnento na kasama sa *planning* at *disaster risk management activities* gaya ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO), Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO), Provincial Health Office (PHO), Provincial Engineer's Office (PEO)*, at *Provincial Environment and Natural Resources Office (PENRO)*.

Ang bawat grupo *(team)* ay mayroon ding *Geographic Information System (GIS) staff* na siyang maghahanda ng mga *provincial hazard maps* na kakailanganin sa *Disaster Risk Assessment (DRA)*.

Ang *Provincial Core Team* naman ng Camarines Norte ay binubuo ng mga sumusunod: ***PPDO*** - *Arch.* Madonna A. Abular, *Provincial Planning and Development Coordinator;* Ms. Thelma Q. Bardon, *Planning Officer IV* at Ms. Marife l. Napao, *Computer Operator III* na itinalagang *GIS staff;* ***PDRRMO*** – Dr. Carlos C. Galvez, *PDRRM Officer*, at G. Arnel S. Ferrer, *Public Services Officer IV;* ***PHO*** - *Dr.* Paul Luis G. Palencia, *Medical Officer III;* ***PEO*** - Clarence L. Mago, Engineer II, at; ***PENRO*** - G. Elpidio Orata, *Provincial Environment and Natural Resources Officer*.

Ang *Regional Core Team* ay binubuo naman ng mga kinatawan mula sa *NEDA, OCA, Mines and Geosciences Bureau (MGB), Department of Agriculture (DA)* at *Bicol University (BU)*. Katungkulan nila na magbigay ng tulong-teknikal sa mga *PCTs* sa paggawa ng *DRA Report* na ipapaloob sa *PDPFP*.

Tinalakay rin sa pulong ang *overview* ng proyekto at ang *DRA Process and Implementation Arrangements*. Base sa *timetable* ng proyekto, ang *provincial* at *regional core team* ay naghahanda ng *work and financial plans* mula Hulyo hanggang Nob-yembre 2011 na tinatayang matatapos ang *DRR/CCA– Enhanced PDPFP* ng bawat probinsya. Kasama sa *work plans* ang pagsasagawa ng *refresher mapping workshop* para sa mga *pilot provinces* at pagsasanay *(training)* tungkol sa *hazard mapping* para naman sa *regional core team*.

Ang *DRR/CCA-Enhanced PDPFP* ay kapapalooban ng apat (4) na bahagi: 1) *Introduction* na kapapalooban ng maikli subalit kumpletong impormasyon ng kalagayan ng lalawigan; 2) *Hazard Profile* na maglalaman ng iba't-ibang uri ng panganib *(hazards)* na karaniwang tumatama sa lalawigan; 3) *Consequences Analysis* na kabibilangan ng mga usapin *(discussion)* ukol sa bilang ng nawalang buhay ng mga tao sa bawat *hazard*, at 4) *Risk Estimates* na kapapalooban ng katumbas na halaga ng mga nasirang ari-arian at mga nawalang buhay.

Samantala, Isinumite na kamakailan ng lalawigan ng Camarines Norte ang *draft copy* ng *DRR/ CCA report* nito sa *NEDA RO5*. ***MARILYN P. ASIS***

# Awareness Seminar-Workshop on Local Economic Development (Part 1) isinagawa

Isinagawa ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang *Awareness Seminar-Workshop on Local Economic Development (Part 1)* na may temang *"Entrepreneurial LGU Management for Sustainable Local Economic Development*. Naisakatuparan ito sa pamamagitan ng *Camarines Norte Investment Promotion Center (CNIPC)* noong ika- 21 ng Disyembre 2011 sa *5th Floor, Villa Mila Resort and Conference Center*, Vinzons *Avenue*, Daet,Camarines Norte.

Sa pambungad na programa nito, pinangunahan ni *Rev. Fr.* Elmer Pandes, *Parochial Vicar* ang isang panalangin. Pinamunuan naman ni Alyssa Patricia Hernandez ng *CNSC Abaño Pilot High School* ang pag-awit ng Lupang Hinirang at Camarines Norte *Hymn*. Ito ay sinundan ng isang *opening remarks* mula kay *Provincial Director* Robin M. Mercado ng *Department of the Interior and Local Government (DILG)*.

(Sundan sa pahina 6)





***Si Dr. Aser B. Javier habang isinasagawa ang Awareness Seminar-Workshop on Local Economic Development (Part 1), at ang mga kalahok sa pagsasanay.***

# Project Evaluation and Dev't. Refresher Course

Nagsagawa ng *refresher course* ukol sa *Project Evaluation and Development (PED)* ang *National Economic and Development Authority (NEDA) Region 5* noong Hunyo 6-9, 2011 sa Bethlehem, Bacacay, Albay para sa 26 na kinatawan mula sa anim na probinsiya ng Rehiyong Bikol kasama na ang Camarines Norte.

Isinagawa ito upang maging pamilyar ang mga kalahok sa konsepto at proseso sa *project evaluation* na siyang nakasaad sa *NEDA-Asian Development Bank (ADB) Technical Assistance for Provincial/Local Planning and Expenditures Management (PLPEM) project guidelines*.

Naging pangunahing tagapagsalita rito si *Dr.* Norman Ramos, *ADB Project Consultant* na tinalakay ang mga paksang *overview* of *project evaluation and development; basic principles, concepts and procedures; designing the project logical framework; project proposal development;* at *public-private partnership in project development*.

Nagsagawa sila ng *workshops* na ang naging *output* ay ang mga *priority project proposals* ng anim na lalawigan sa Bikol tulad ng mga sumusunod: Camalig-Jovellar-Donsol *Road* (Albay); *Agri-Trading Post* (Camarines Norte); *Hog State* (Camarines Sur); *Integrated Land Transport Terminal* (Catanduanes); *Upgrading of Provincial Hospital* (Masbate); at *Development of Pinaculan Treasure Island* (Sorsogon).

Ang nabanggit na mga *project proposals* ang hinihingi ng bawat lalawigan sa *NEDA Region 5* na mapunduhan sa ilalim ng *PLPEM Project*. Isa sa mga *priority projects* ng kasalukuyang administrasyon ni Gobernor Edgardo A. Tallado ang *Agri-Trading Post* kaya ito ang ginawan ng *proposal* ng mga kinatawan mula rito sa Camarines Norte.

Ang mga naging kinatawan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa naturang pagsasanay ay sina: *Engr.* SahleeYanto ng *Provincial Engineers Office (PEO)*; Mr. Raphy Belardo at *Engr.* Harold Gestiada ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)*, at Ms. Nida N. Tosoc, *Statistician II*; Ms. Emmalyn Y. Quiñones, *Economist III* at Ms. AmaliaCañamero, *Project Officer II* ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)*. ***MARILYN P. ASIS***

# 215 OSYs naging benepisyaryo ng EPDOSY sa taong 2011

May kabuuang dalawandaan at labinlimang (215) mga *out-of-school youths (OSYs)* mula sa iba't-ibang bayan dito sa Camarines Norte ang naging benepisyaryo ng *Education Program for Deserving Out-of-School Youth (EPDOSY)* ngayong taong 2011. Ipinatupad ito ng administrasyon ni Gobernador Edgardo A. Tallado sa pamamagitan ng *Public Employment Service Office (PESO)* na nasa pangangasiwa ng *Provincial Planning Office (PPDO)* na pinamumunuan ni *Arch.* Madonna A. Abular, *Provincial Planning and Development Coordinator*.

Ang naturang mga *OSYs* ay libreng nakapag-aral/nakapagsanay ng iba't-ibang kursong bokasyonal katulad ng *Shielded Metal Arc Welding* (*SMAW*), *Automotive Servicing*, *Electrical Installation and Maintenance*, *Consumer Electronics Servicing*, *Computer Hardware Servicing*, *Driving* at *Cosmetology*.

Sinagot dito ng Pamahalaang Panlalawigan ang matrikula *(tuition)* at mga kagamitan sa mga pagsasanay katuwang ang *Technical Education on Skills Development Authority (TESDA)* na siyang nagpahiram ng *venue*.

Marami rin sa ating mga kababayan na nabigyan ng nabanggit na *skills training* ang nakapasok sa trabaho sa tulong pa rin ng *PESO*. Maliban dito, apatnapu (40) na sa kanila ang nabigyan ng *Department of Labor and Employment (DOLE)* ng mga gamit o *starter kit* para magamit nila sa pagsisimula ng sariling hanapbuhay. Ang iba naman ay mapalad na nakapasok sa mga kumpanya sa Laguna, Batangas, Cavite, Metro Manila at iba pang lugar.

Sa kasalukuyan, may 30 *OSYs* ang kumukuha ng kursong bokasyonal na *Computer Hardware Servicing* na nagsimula Nobyembre 2011 at magtatapos sa Abril 2012. Magtatapos din sa Abril 2012 ang may 20 OSYs na kumukuha ng *Cosmetology* na nagsimulang pumasok noong Disyembre 2011.

Para sa mga kabataan na interesadong mapabilang sa programa, makipag-ugnayan lamang sa *PPDO* at hanapin si *Statistician II* Nida N. Tosoc na nakatalagang *Provincial PESO Manager*.

Ang mga kwalipikadong mag-aplay sa *EPDOSY* ay sinumang indibwal na: 1) edad 18-30 taon; 2) *high school graduate* o kaya ay nakapasok sa kolehiyo ngunit hindi nakapagtapos, at 3) ang taunang kita ng mga magulang o tagapangalaga ay hindi lalampas sa P72,000.00. ***MARILYN P. ASIS***

# 71 kabataan lumahok sa 29th Boys and Girls Week

Lubos na sinusuportahan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang mga programa, proyekto at aktibidad na nagsusulong sa lehitimong mga karapatan at pribilehiyo ng mga kabataan.

Kaugnay nito, itinaguyod muli ng pamahalaang panlalawigan ang pagdiriwang dito ng *Boys and Girls Week (BGW)* o Linggo ng Kabataan na nasa ika-29 na taon na ngayon. Ang selebrasyon dito simula Disyembre 10 -16, 2011 na tinampukan ng mga angkop na gawain ay bilang pagtalima sa *Presidential Proclamation No. 99* na nagdeklara sa ikalawang linggo ng buwan ng Dis-yembre ng bawat taon bilang Linggo ng Kabataan.

Nakilahok sa *29th BGW celebration* dito ang may 71 mag-aaral na nasa ika-apat na taon sa hayskul, na mula sa 61 pampubliko at pribadong paaralang sekondarya sa lalawigan. Sila ay kabilang sa 5 nangungunang mag-aaral sa kanilang klase o seksyon at/o kaya ay lider ng lehitimong organisasyon sa kanilang paaralan.

Ang pinakatampok na bahagi ng 1-linggong gawain dito ay ang paghalal ng mga kabataan ng mga *boy and girl officials* para sa iba't-ibang posisyon sa pamahalaang panlalawigan at sa mga pamahalaang bayan ng Daet at Basud.

Nahalal dito bilang *Girl Governor* si Clarisse D. Capistrano ng *Basud National High Scholl (BNHS)*; *Girl Vice Governor* - Karen Joyce A. Mariano ng *Alawihao National High School (ANHS).*; *Boy Congressman (1st District)* - Jose Walter C. Nota ng *Rizal National High School* at *Girl Congresswoman (2nd District)* - Aisalyn C. Caballero ng *BNHS*..

Samantala, naluklok naman bilang *youth board members* ang mga sumusunod: Nicole O. Zenarosa - *VPHS*; Kristy Mae T. Paquita – *LSTHS*; Glenn Paul V. Binaohan – *JPNHS*; Ryan Jay L. Imperial – *DNHS*; · Ann D. Puato – *SFPS*; Elleon Marie Joy M. Ricerra - *Mabini Colleges*; ·Arianne O. Cabaña – *TNLNHS*; Aiko Jiliane E.Yoshii – *CNC*; Anthony J.Nivero – *SFNHS*; Jonel J. Elnar – *EMQMHS*; Marlliam Shekinah P.Ababao – *OLLCF*, at Ma.Gayle Angelique M. Balane at Kristina Kate B. Mena- *CNNHS*.

Kasunod ng nasabing eleksyon, ang iba pang kalahok ay hinirang *(appointed)* sa mga mataaas na posisyon sa pamahalaang panlalawigan, at sa mga pamahalaang bayan ng Daet at Basud.


Sa loob ng 1-linggong gawain, nagkaroon sila ng pangunang impormasyon at kaalaman ukol sa gawain ng iba't-ibang sangay ng pamahalaan. Naranasan din nila ang manungkulan bilang mga munting opisyal ng pamahalaan kung saan ang ilan sa kanila ay nagkaroon ng pagkakataon na makabahagi sa paggawa ng mga katitikan *(minutes)*, resolusyon at ordinansa, at lumahok sa regular at espesyal na sesyon ng Sangguniang Panlalawigan/Pambayan.

Naging pangunahing tagapagtaguyod muli ng nasabing okasyon ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte at ang *Kiwanis Club of Daet (KCD)* katuwang ang *Department of Education (DepEd)* at mga Pamahalaang Bayan ng Daet at Basud gayundin ang Sangguniang Kabataan *Provincial Federation (SKPF)*.

Ang *29th BGW celebration* dito ay tinampukan ng mga sumusunod na aktibidad: **Dis. 10 (Sabado) –** *Orientation of Boy and Girl Officials, Seminar-Workshop on Parliamentary Rules and Procedures, Leadership in Action, Election and Appointment of Youth Officials, Group Dynamics with Special Emphasis on the New Local Government Code (RA 7160)* na layuning itimo sa kamalayan ng mga kabataan ang kahalagahan ng matapat na halalan; Dis.12 (Lunes) - *Attendance to the Flag*

***(Sundan sa pahina 7)***






# EDITORYAL

## Komunidad, Palakasin; Trapiking Sugpuin!

Ipinagdiwang sa iba't-ibang panig ng mundo ang *International Day Against Trafficking (IDAT)* noong Dis-yembre 12, 2012 bilang simbolo ng kanilang intensyon na wakasan ang trapiking na itinuturing na *modern form of slavery* o modernong paraan ng pang-aalipin.

Ang *trafficking in persons* ay ang iligal na pagrekrut, pagbi-yahe, pagdala o pagkupkop, o pagtatago sa sinumang tao, may pahintulot man o wala, sa loob o labas man ng kanyang bansa. Ang mga biktima ay pinupuwersa, kinikidnap, niloloko o nalilinlang, tinatakot ng mga taong may mas mataas na posisyon, sina-samantala ang kahinaan o sinusuhulan para pumayag. Hangad ng maysala na makontrol ang biktima para maabuso at magamit sa prostitusyon at iba pang uri ng sekswal na pagsasamantala, puwersahang paggawa o serbisyo *(forced labor)*, pang-aalipin, pagpapagawa ng mabibigat na trabaho, at pagtanggal o pag-benta ng mga bahagi ng katawan *(organs)*.

Bilang isa sa mga bansang lumagda sa *UN Protocol to Prevent, Suppress and Punish Trafficking in Persons especially Women and Children*, ang Pilipinas ay nagsagawa ng mga ang-kop na gawain na nakasentro sa pambansang tema na: "Komunidad, Palakasin; *Child Trafficking* Sugpuin!". Susog dito, ipinalabas ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2011-42 para sa selebrasyon dito ng *IDAT* simula Nob. 22-Disyembre 13 na tinampukan ng *Medical Mission for Kidney Vendors*, *Barangay Anti-Trafficking Forum*, *Orientation on Child Trafficking*, at iba pa.

Napapanahon ang ating tema ngayong taon lalo na at ka-makailan lang ay napunta sa *Tier 2* ang Pilipinas mula sa pag-kakasama nito sa *Tier 2 Watch List* sa mga taong 2004, 2005, 2009 at 2010 batay sa *2011 UN Trafiicking in Persons (TIP) Re-port*. Ito ay isang matibay na indikasyon na napaghusay ng Pilipi-nas ang kampanya nito kontra *trafficking in persons.*

Ang mga bansang kabilang sa Tier *1* ay mayroon pa ring mga kaso ng trapiking ngunit ang pagsisikap na labanan ito ay naaayon pa rin sa *minimum standards* ng *US Trafficking Victims Protection Act of 2000*; *Tier 2* -nakagawa ng mga progreso ngunit hindi lubusang naabot ang *minimum standards*, at *Tier 3* - naha-harap sa *sanctions* kagaya ng pagbawi sa ilang tulong sa kanila.

Ilang hakbang na lang tayo,patungo sa *Tier 1* kaya bawat indibidwal, pamilya, pamahalaan at pribadong sektor ay dapat makibahagi sa pagsugpo sa trapiking. Itaguyod natin ang mga inisyatibo para sa mabilis na imbestigasyon at pagparusa sa mga *traffickers*; pagligtas at pagtulong sa mga biktima, at pagsugpo sa kahirapan sa bansa na pangunahing dahilan kung bakit marami ang nabibiktima ng trapiking.

Hindi tayo dapat makuntento sa pagkakalagay ng ating bansa *Tier 2* at sa halip ay pagsikapan nating mapabilang ito sa *Tier 1*. Ipagtanggol at itaguyod natin ang karapatan ng ating mga kababayang maaaring mabikttima ng trapiking lalo na ang mga nabiktima na nito sa pamamagitan ng pagpapalakas sa ating komunidad para masugpo ang *trafficking in persons* lalo na ang *child trafficking* kung saan ang nabibiktima ay ang walang mu-wang na mga kabataan na siyang pag-asa ng ating bayan.

# Ilang barangay sa Bayan ng Daet...

*(Mula sa pahina 1)*

barangay, at angkop na kaalaman at impormas-yon ukol sa iba't-ibang programa at proyekto ng pamahalang panlalawi-gan.

Ngunit sa kabila nito, nakatatanggap pa rin ng mga negatibong puna si Gob. Tallado ngunit isi-nasantabi niya ito at mas binibigyang-pansin ang interes ng kanyang mahi-hirap na mga kababayan. Sa katunayan, mas pi-nalawak ng gobernador ang *caravan* na magkasa-bay nang isinasagawa sa dalawang magkahiwalay na lugar simula ngayong Disyembre 2011.

Kaugnay nito, pina-ngunahan muli ni Gob. Tallado ang *caravan* na ginanap noong Disyem-bre 2 sa Brgy. Sto. Do-mingo, Vinzons at Brgy. Anahaw, Labo, at sa mga barangay ng Co-bangbang at Borabod sa bayan naman ng Daet noong Disyembre 9. Kabilang sa nabenepi-syuhan dito ang mga taga-barangay Gui-nacutan, Napilihan, at Singi sa bayan ng Vin-zons; at mga taga-barangay Bautista, Gui-nacutan, Iberica at Malasugui sa Labo.

Sa idinaos na *caravan* sa Cobangbang, ka-samang napaglingkuran ang mga residente mula sa barangay I, II, III, Bibi-rao, Calasgasan, Camam-bugan, Magang, Mam-balite, Mancruz, Pamo-rangon at San Isidro. Ang mga taga-barangay VII, Awitan, Bagasbas, Gahonon at Gubat ay naging benepisyaryo rin sa *caravan* na idinaos sa Brgy. Borabod, Daet.

Patuloy na inihahatid ni Gob. Tallado ang ser-bisyo-publikong tunay sa kanyang mga kababayan sa pakikipagtulungan nina Bise Gob. Jonah G. Pimentel at Atty. Sim O. Mata, Jr., *Provincial Legal Officer* at *Provincial Cara-van Project Director*. Ak-tibo ring sumusuporta sa *caravan* ang butihing maybahay ng gober-nador na si Mam Josie Baning-Tallado na di-nadala ang Handog Gupitan sa mga taga-barangay at kung minsan

*(Sundan sa pahina 7)*

# RED CROSS FUN RUN in Photos








*Pinangunahan ni PRC CN Chapter Chairman Josefina B. Tallado ang Fun Run kaugnay sa selebrasyon ng International Year of Volunteers of Red Cross noong ika-4 ng Disyembre 2011. Layunin nito na makakuha ng may 1 milyong volunteers. Ito ay sinuportahan ng pamahalaang panlalawigan sa pangunguna ni Gob. Egay Tallado. Nakiisa rito ang mga opisyal at kawani mula sa iba't-ibang sangay ng pamahalaan kabilang ang mga LGUs, mga military personnel, pribadong sektor at mga mag-aaral.*









Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/ design.

***PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.—Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Provincial Capitol Family Team Building Activity pinangunahan ni Gob. Egay Tallado



Si Alona España ng PHO na nanalo ng grand price na 32" LED LCD TV sa Team Bldg. habang tinatanggap ang premyo mula kina Gob. Egay Tallado at Bise Gob. Jonah Pimentel, Gng. Josie Baning-Tallado, Bokal Ligaya Lo-Pedron at Bokal Romeo Marmol.



Nagpapaabot ng kanyang mensahe at pagbati si Gob. Egay Tallado sa lahat ng mga kawani na nakilahok sa isinagawang Team Building Activity sa Camarines Norte Agro Sports Center.


Provincial Budget Office


Office of the Secretary to the Sangguniang Panlalawigan


Office of the Provincial Accountant


Provincial Engineering Office


Provincial Planning and Development Office


Provincial Health Office


Provincial Social Welfare and Development Office


Haircutters Group

Pinangunahan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang *Provincial Capitol Family Team Building Activity* na idinaos noong Disyembre 16, 2011 sa *Camarines Norte Agro-Sports Center* ng Kapitolyo Probinsyal. Nakisaya rin sa okasyon ang butihing maybahay ng gobernador na si Mam Josie Baning-Tallado.

Itinaguyod ito ni Gob. Tallado sa layuning mapatatag ang relasyon at kooperasyon sa pagitan ng mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan. Makatutulong aniya ito para mas maayos nilang magampanan ang kani-kanilang tungkulin, at mas mabilis at mas epektibong maihatid ang mga programa at serbisyo ng pamahalaang panlalawigan sa pamayanan lalo na sa mga mahihirap na mamamayan.

Idinagdag din ni Gob. Tallado na handa siyang ipagkaloob ang mga lehitimong insentibo at benepisyo ng mga opisyal at empleyado ng pamahalaang panlalawigan. Lalung-lalo na umano ang *extra bonus* na ipinalabas niya kasabay ng naturang okasyon.

Nakiisa rin sa okasyon si Bise Gob. Jonah G. Pimentel na nagbigay ng mensahe sa okasyon. Dumalo rin dito sina Bokal Ligaya 'Gaying' Lo-Pedron, Rodolfo 'Pol' V. Gache, Romeo R. Marmol,

Ang naging pinakatampok na bahagi ng *Provincial Capitol Team Building Activity* ay ang *office presentation* ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan. Dito ipinakita at pinatunayan ng mga opisyal at kawani ang kanilang kahusayan sa pagsayaw, pagkanta at pag-arte at hindi sa pagtratrabaho lamang.

Nakuha rito ng *Provincial Health Office (PHO)* ang unang puwesto at premyong P20,000.00; *Office of the Governor (G.O.)* - ikalawang puwesto at gantimpalang P15,000.00, at *Provincial Planning and Devt. Office (PPDO)* - ikatlong puwesto at pabuyang P10,000.00. Ang ilang hindi pinalad na manalo ay binigyan naman ng *consolation prize* na tigP5,000.00.

Ang pamantayan na ginamit sa pagpili ng nanalo ay ang: *choreography (originality, creativity and innovativeness)* -25%; *performance (mastery and synchronization, gracefulness and dignity of movement)* - 20%; *star appeal*/pakulo *(entertainment factor, confidence and projection)* -15%; *costume and props* -20%; *active participation of head of office* – 10%, at *over-all impact* – 10%.

Nagsilbing mga hurado rito sina *Atty.* Sim O. Mata Jr., *Provincial Legal Officer Provincial Human Resource Management Officer* Magdalena B. Toledana; *Acting Provincial Agriculturist* Francia B. Pajares; *Community Affairs Officer IV* Purita P. Briñas; Dr. Edgardo S. Gonzales ng *Provincial Veterinary Office (PROVET)*, at *Provincial Gen. Ser. Officer* Jose Rene G. Ruidera.

Ang ilang indibidwal at grupo na nagbigay ng espesyal bilang ay pinagkalooban din nina Gob. Tallado at Mam Josie ng mga kaukulang pabuya .

Sa pagitan ng *office presentations*, nagkaroon ng pa-*raffle* kung kaya tila naging *Christmas party* na rin ang naturang *team building activity*. Sa bawat paganunsyo ng mga nanalo, naging *excited* ang lahat na inasam na huwag agad matawag ang kanilang pangalan at sana'y manalo sila ng alinmang *major awards*.

Si Gob. Tallado ay *'game'* na *'game'* ding nagpaunlak ng ilang awitin na ang ilan ay inihandog niya sa kanyang maybahay na si Mam Josie. ***LORENA DELA TORRE IBASCO***

# Raising teachers' quality around the world

by: Anicia Obog-Lausin

Quality education is one of the major priorities of almost every country today whose leaders perceived it as the basic solution to end poverty. They think that if a person obtained proper education, he is capable to find a better job or to establish and manage his own business to support his needs. But there are several factors to consider in order to attain quality education.

Actually, the Philippines today continuously strives to provide quality education to its people. And I think, we should not falter in our moves until we reach our goal to produce high school graduates ready to be employed even without a college degree.

This is the main reason why His Excellency President Benigno Simeon 'P-Noy' Cojuangco-Aquino III strongly supports the Department of Education's (DepEd) proposed implementation of the K+12 Basic Education Program.

Under the new curriculum, kindergarten will be required, six years in elementary (Grades 1-6), four years of junior high school (Grades 7-10) and two years of senior high school (Grades 11-12). The students can choose an area of specialization in the senior years either in the performing arts, vocational training, agriculture, sports, etc. K+12 graduates will become employable as the program provides that completion of high school education is more than just preparation for college but sufficient qualification for a gainful employment or career.

It may be noted that countries like Japan, Finland, England, Canada, United States, etc. are sharing their best practices, teachers' training modules, instructional materials and programs to help developing countries like the Philippines to raise its education to world class standards.

Based on my personal experience as a teacher, I observed that quality education is the result of many attributable factors. I think that the most important factors is the quality of teachers.

Production of quality students begins with quality teachers. Putting the right person on the job would be of great help to the students and the whole educational system.

But due to the fact that most politicians intercede on behalf of applicants who are least qualified, the best qualified ones were not hired to a teaching position. This results to the so-called *"brain drain"* as the most competent teachers now prefer to teach or find other high paying jobs abroad aside from enjoying fair employment opportunities. Teachers salary abroad is more than ten times higher than what our teachers here in the Philippines receive.

As such, we must immediately resolve the said problems. The knowledge and expertise of teachers in service must be enhanced to the fullest for them to become globally competitive. They must be given updates and information on the latest world-class educational system to enable them to effect efficient transfer of knowledge and skills to students. To further boost their morale, all teachers must be given opportunities to attend trainings and seminars, locally or internationally, charged to the DepEd fund and not from their own pockets. Within the school, peer coaching between and among teachers is a good practice for them to acquire significant teaching methods, techniques and strategies that they can apply to enhance their students' learning abilities and potentialities.

A school head or school manager's administration style and attitude also contribute to the teachers' performance. Provision of free mentoring program after every class observation greatly helps the teachers in attaining their targets. Giving constructive criticisms will make the teachers feel that they are important in the organization, and will boost their morale to give their best.

Another factor that will surely add in enhancing teachers' quality is a good pay although this is not their main consideration but their firm dedication to provide quality education to young learners who will soon become leaders of our country. However, they deserve to be given equitable salary for them to enjoy a more comfortable, decent life. This will further motivate them to value their teaching profession – a lengthy, strenuous, demanding yet rewarding job especially when their students excel in class and became successful.

We are fortunate that the national government is exerting all efforts to uplift our educational system and I firmly believe that in few years time, we will be one of the best performing countries in the world in terms of quality graduates and competent workforce. As long as we work hand in hand with the government, we will realize our dream – better quality education for all toward accelerated socio-economic growth through world-class manpower.

# Awareness Seminar-Workshop...

*(Mula sa pahina 2)*

Pormal na tinanggap ng pamahalaang panlalawigan ang lahat ng dumalo sa okasyon sa pamamagitan ng isang *welcome address* mula kay Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado, at isang *inspirational message* mula kay *DILG Regional Director* Blandino M. Maceda. Ito ay sinundan ng paglalahad ni *Museum Curator I* Abel C. Icatlo sa *Aim and Overview of the Seminar-Workshop* at *Leveling of Expectations*.

Naging panauhing tagapagsalita at tagapagtalakay sa 1-araw na *awareness seminar-workshop* si Dr. Aser B. Javier Pinangasiwaan nito ang tatlong (3) *plenary sessions* na tinampukan ng mga paksang: *What is Local Economic Development?; Local Entrepreneurial Governance-LED Framework*, at *Roles of LED (LEIPO and LED Team)*. Nagkaroon din dito ng *Workshop on Building the LED Team in each LGU/Province.*

Sa huling bahagi ng programa, binigyan ng katibayan ng paglahok ang mga dumalong opisyal at kawani na mula sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan, mga pamahalaang lokal at ilang ahensya ng pamahalaang nasyonal na nakabase rito sa Camarines Norte. Kasama ring tumanggap ng katibayan ng paglahok ang mga kinatawan mula sa sektor ng pagnenegosyo gayundin ang mga mag-aaral at guro sa kolehiyo na mula sa *Mabini Colleges (MC), Camarines Norte State College (CNSC)*, at *Our Lady of Lourdes College Foundation (OLLCF).*

Ang ikalawang bahagi ng *Awareness Seminar-Workshop on Local Economic Development* ay inaasahang maisasagawa naman sa susunod na taong 2012. ***AIDA B. PANDEAGUA***

# Sta Rosa Sur-San Rafael ...

*(Mula sa pahina 1)*

halaan at mga armadong grupo. Hangad din niya na mananatiling bukas ang magkabilang grupo sa pagpapatuloy ng usapang-pangkapayapaan at makabuo ng kasunduan sa madaling panahon.

Sa bahagi ng *ground-breaking ceremony*, ang *Manifesto of Undertaking* ay binasa ni *Arch.* Madonna A. Abular, *Provincial Planning and Development Coordinator* ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)*. Pormal na nagtapos ang programa sa pangwakas na pananalita mula kay *Provincial Director* Robin M. Mercado ng *Department of the Interior and Local Government (DILG)*. Nagsilbi namang tagapagpadaloy ng programa sina *Asst. PPDC* Elena B. Austria ng *PPDO* at Ms. Grace Villablanca ng *Barangay Affairs Office.*

Bilang karagdagan, ang Sta. Rosa Rosa Sur-San Rafael *Farm-to-Market Road* ay pinunduhan ng *Office of the Presidential Adviser on the Press Process (OPAPP)* - ang binigyan ng mandato para pangasiwaan, pagtugmain, at pagbuklurin ang mga inisyatibo sa pagpapatupad ng kumprehensibong prosesong pangkapayapaan. Ang bisyon ng *OPAPP* ay maisulong ang pantay-pantay at panghabambuhay na kapayapaan para sa bansa at para sa lahat ng Pilipino.

Ang mga pagsisikap ng *OPAPP* ay nakasalig sa *National Security Policy (NSP)* ng administrasyon ni Pangulong Benigno Simeon Cojuangco-Aquino III na nakatuon sa wastong pamamahala *(governance)*; paghahatid ng mga pangunahing serbisyo; repormang pang-ekonomiya *(economic reconstruction)* at pagpapatuloy ng programang pangkaunlaran; at reporma sa sektor na panseguridad.

Ang mga pagawaing pang-imprastraktura ay isa lamang sa mga proyektong ipinatutupad ng *OPAPP* sa layuning matugunan ang mga sigalot at isyu na patuloy na nakakaapekto sa prosesong pangkapayapaan.

Ang inisyatibong pangkaunlaran ng *OPAPP* na nakasentro sa *conflict-affected areas* ay ipinatutupad sa pamamagitan ng PAMANA o **Pa**yapa at **Ma**saganang Pamaya**na**n Program. Layunin ng PAMANA na makapag-ambag sa pagkamit ng panghabambuhay na kapayapaan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga programa, proyekto at gawain na makatutulong sa: 1) pagpababa sa insidente ng kahirapan at kahinaan *(vulnerability)* sa pamamagitan ng mga imprastrakturang pampamayanan at pagtuon sa pagbibigay ng serbisyong panlipunan; 2) pagpabuti sa pamamahala *(governance)* sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga institusyong lokal at nasyonal, pagpapatatag ng kakayahan sa pamamahala, at pagpahusay ng mekanismo para sa transparensi at pananagutan *(transparency and accountability)*; at 3) pagbigay-kapangyarihan sa komunidad at pagpalakas sa kanilang kakayahan sa pagtugon sa mga isyung pangkapayapaan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng oportunidad na makalahok at makasama sa proseso patungkol dito. ***LORENA DELA TORRE IBASCO***

# Anibersaryo ng pagkamatay ...

(Mula sa pahina 8)

"Rizalismo: Sandigan ng Kaunlaran, Pagkakaisa at Kapayapaan". Naging pangkalahatang tagapangasiwa rito ang Sangay ng Museo, Panulukan at Sinupan na pinamamahalaan ni *Museum Curator I* Abel C. Icatlo.

Ang kahusayan ni Gat Rizal bilang isang orador o mananalumpati ay kinilala hindi lamang dito sa Pilipinas kundi sa iba't-ibang panig man ng mundo. Bilang pagkilala at pagpupugay sa kanyang pambihirang talino at kagitingan, idinaos ang isang *Oratorical Contest* noong Disyembre 12, 2011 ganap na ika-1:30 ng hapon sa *Audio-Visual Room, 3rd Floor Annex, Provincial Capitol*, Daet.

Tinanghal dito bilang pinakamahusay na orador si Marino Mago Abogado, Jr. ng Basud *National High School* na nagsanay sa ilalim ng patnubay ng gurong si Gng. Maria Concepcion A. Villanueva. Naiuwi niya ang premyong P3,000.00 at gintong medalya. Pumangalawa sa kanya si Raquel L. Rada ng San Lorenzo Ruiz *National High School* na nasungkit ang gantimpalang P2,000.00 at medalyang pilak sa gabay ng kanyang gurong si G. Ronaldo N. Rafael. Ang ikatlong puwesto at premyong P1,000.00 at bronseng medalya ay nakuha ni Mary Joy B. Banal ng Batobalani *National High School* na nagsanay sa ilalim ng gurong si Gng. Rhodora P. Salen.

Tumanggap naman ng *consolation prize* na tig-P100.00 ang mga sumusunod na mag-aaral na kumatawan sa kanilang mga paaralan sa ilalim ng paggabay ng kanilang mga tagapagsanay: Roselle P. Baretto - Jose Panganiban *National High School*, Edna O. Candelaria; Krizza Joi C. Aloc - Tulay na Lupa *National High School*, Marivic C. Aloc; Micaela Erica Rose P. Eco - Vicente L. Basit *Memorial High School*, Rheuben Gache Rigon; Stephanie Joyce P. Tejada - *Our Lady of Lourdes College Foundation*, Sherlyn Saspa; Jhann Larry Arevalo - Mercedes *High School*, Analyn M. Eboña; Roxanne Elaine O. de Leon - *St. Francis Parochial School*, Noemi M. Cama, at Karen Joyce A. Mariano - Alawihao *National High School*, Loviemay C. Lorilla.

Samantala, isinagawa naman ang *DBC/DLC Competition* noong ika-13 ng Disyembre sa ganap na ika-1:30 ng hapon sa *Provincial Capitol Grounds* na nilahukan ng mga mababang paaralan mula sa iba't-ibang bayan ng lalawigan.

Ang kampeonato ay nakuha ng Daet *Elem. School* na naiuwi ang premyong P9,000.00 sa patnubay ng *coordinator/trainer* na sina Marcial N. Mesias III at Junjun Moreno. Ang ikalawang puwesto at premyong P7,000.00 ay nasungkit ng Talisay *Elem. School* sa ilalim ng kanilang *coordinator/trainer* na sina Amorsolo Jamito at Verxes Oira. Naiuwi naman ng San Vicente *Elem. School* ang ikatlong puwesto at premyong P5,000.00 sa gabay nina Jose R. Reodique at Arnel R. Escalante/Marlon Orendain, *coordinators/trainer*. Sila rin ay binigyan ng kaukulang tropeyo bilang katibayan ng kanilang pagkapanalo.

Para sa *minor awards* na may katumbas na gantimpalang tig-P1,000.00, tinanghal na *Best Majorette* si Marione Baclagan ng Daet *Elementary School*. Pinangalanan naman bilang *Best Conductor* si Darren Mitra ng Claudio Villagen *Elementary School (CVES)* na nagsanay sa ilalim ng mga *coordinator/trainer* na sina Elizabeth P. Arimbuyotan at Marvin Y. Baylon. Nakuha rin ng *CVES* ng Brgy. Talobatib, Labo ang titulong *Best in Uniform*.

Naiuwi naman ng mga sumusunod na paaralan ang *consolation prize* na tig-P1,400.00 sa ilalim ng kani-kanilang *coordinator/trainer*: Labo *Elem. School* - Maria Victoria E. Tenorio/Dominador H. Citon Jr.; Paracale *Elem. School* - Leonora V. Vasquez/Bernie Camino; Batobalani *Elem. School* - Susan L. Caña/Ervin Ovar at Kelvin J. Lopez; Vinzons *Elem. School* - Gina D. Cada/Chuck S. Salon; Malasugui *Elem. School*- Haide G. Español/Elmer Bacer; *CVES* - Elizabeth P. Arimbuyotan/Marvin Y. Baylon, at Gregorio Pimentel *Elem. School*.

Ang magkasabay na selebrasyon dito ay pormal na nagtapos sa pamamagitan ng programa noong Disyembre 30 na idinaos sa ganap na ika-8:30 ng umaga sa *Provincial Capitol Grounds*. Ito ay tinampukan ng seremonya sa pagpupugay sa Pambansang Watawat at pag-awit ng Pambansang Awit na Lupang Hinirang. Isinagawa rin dito ang pagwagayway sa *Provincial Color* at 12 *Municipal Colors* sa pangunguna ng mataas na opisyal ng pamahalaang panlalawigan.


Nakiisa rin sa okasyon ang *Knights of Rizal* na patuloy na sinasariwa, pinagyayaman at ipinaaabot sa karamihan ang mga ideyalismo ni Gat Jose P. Rizal na dapat umanong gawing huwaran at inspirasyon ng bawat Pilipino , bata at matanda man - para maging responsable at produktibong mamamayan - maka-Diyos, makakalikasan at makabansa katulad ng katitikan ng Panatang Makabayan na huwag lang sana nating sambitin kundi sa halip ay isabuhay. ***AIDA B. PANDEAGUA/LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# 71 kabataan lumahok...

(Mula sa pahina 3)

*Raising Ceremony, Opening and Turn-Over Ceremonies, Dialogue-Conference with Participating Counterparts on the Structures, Roles, Functions, Duties and Responsibilities of each Government Officials and Assumption to Office*; Dis. 13 (Martes) - *Continue to assume office and visit to Provincial Jail. Courtesy call to the DepEd Division Office*; Dis. 14 (Miyerkules) - *Continue to assume office and dialogue with members of the Sangguniang Panlalawigan/Bayan in preparation to the Joint Session of the Sangguniang Panlalawigan/Bayan; visit to the infrastructure projects of the Provincial Government under construction*, at *Courtesy call to judges of the Hall of Justice, with the possible conduct of a Mock Trial*; Dis. 15 (Huwebes) - *Continue to assume office; joint session with the* Sangguniang Bayan of Daet, at *Christmas Party and Fellowship with the Kiwanians*, at Dis. 16 (Biyernes) - *Continue to assume office; joint session with the Sangguniang Panlalawigan* kasama ang iba pang *Boy and Girl officials; Luncheon conference with the counterpart officials* at kaukulang mga opisyal ng *Kiwanis Club of Daet; closing program and awarding ceremonies*, at pagdalo sa *flag retreat ceremony* na idinaos sa *Provincial Capitol grounds.*

Ang Linggo ng Kabataan ay patuloy na ipinagdiriwang taun-taon sa iba't-ibang panig ng bansa sa layuning mahubog ang mga kabataan bilang responsableng mga mamamayan. Ito ay sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng oportunidad na maagang makalahok at magkaroon ng karanasan sa pangangasiwa ng pamahalaan. ***LORENA DELA TORRE IBASCO***




# Ilang barangay...

(Mula sa pahina 4)

ay personal na namimigay ng mga tsinelas sa mga kabataan.

Narito ang listahan ng mga serbisyong ipinagkaloob ng grupo ni Gob. Tallado sa *caravan* ngayong Disy. 2011 at ang bilang ng mga naging benepisyaryo nito:

| Mga Serbisyong Ipinagkaloob sa mga Benepisyaryo ng Caravan | Sto. Domingo, Vinzons Dis. 2, 2011 | Anahaw, Labo Dis. 2, 2011 | Cobangbang, Daet Dis. 9, 2011 | Borabod, Daet Dis. 9, 2011 |
|---|---|---|---|---|
| Tina | 44 | 62 | 63 | 41 |
| Hot Oil | 109 | 213 | 182 | 107 |
| Gupit | 242 | 226 | 232 | 171 |
| Lugaw ni Warden | 460 | 460 | 560 | 600 |
| Libreng *Medical Check-Up*/Gamot/Bitamina | 1,083 | 1,010 | 1,426 | 1,156 |
| Bunot ng Ngipin | 151 | 175 | 149 | |
| *Free Blood Typing/Blood Pressure Reading* | 146 | 187 | | |
| *Reading Glasses* | 363 | 468 | 314 | 229 |
| Pantanim na Punungkahoy | 84 | 74 | 45 | 44 |
| Pantanim na Bungang-Kahoy *(Fruit Trees)* | 70 | 70 | 81 | 70 |
| Butong Pananim | 150 | 156 | 150 | 156 |
| *Tilapia Fingerlings* | 16 | 15 | 16 | 22 |
| *Cooking Demo* | 143 | 98 | 87 | 82 |
| *Animal Vitamins* | 71 | 30 | 65 | 30 |
| *Mandatory Cash Assistance* | 4 | 5 | 12 | 6 |
| *Assessment Roll* | 4 | 5 | 12 | 6 |
| *Reflexology Service* | 85 | 75 | 72 | 90 |
| *LECTURE ORIENTATION:* | | | | |
| Katarungang Pambarangay | 9 | 30 | 60 | 30 |
| *CNPGCEAP (Scholarship Program)* | 9 | 30 | 60 | 30 |
| *Laws on Child and Women's Protection* | 9 | 30 | 60 | 30 |
| *Job Ref./Scholarship for OSYs/NBI Clearance* | 42 | 26 | 2 | 4 |
| *IEC Materials Distributed* | 300 | 442 | 360 | 236 |
| | 3,594 | 3,887 | 4,008 | 3,140 |

***LORENA DELA TORRE IBASCO***

# Anibersaryo ng pagkamatay ni Rizal at pagkatayo rito ng 'Bantayog' niya na kauna-unahan sa buong mundo, ginunita

Ang Lalawigan ng Camarines Norte ay muling nakiisa sa pagdiriwang ng bansa sa ika-115 taong anibersaryo ng kamatayan ng ating pambansang bayani na si Gat Dr. Jose P. Rizal. Itinaguyod ito ng pamahalaang panlalawigan sa pangunguna ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado na ipinalabas ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2011-31 para sa naturang selebrasyon.

Nakapaloob din sa kautusan ang paggunita sa ika-113 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng kauna-unahang Bantayog ni Rizal sa buong mundo na matatagpuan sa bayan ng Daet. Ang kopya ng naturang kautusan ay ipinamigay sa mga pampamahalaan at pribadong tanggapan gayundin sa mga paaralan sa buong lalawigan para sa kanilang kaalaman at wastong gabay.

Matatandaan na taun-taong ginugunita ng buong bansa ang anibersaryo ng pagkamatay ni Gat Rizal upang ang pagiging bayani at martir niya ay alalahanin sa isang natatanging pamamaraan. Ang ideyalismo ni Rizal sa kahalagahan ng pagkakaroon ng tahimik at maunlad na lipunan ay nasasalaysay sa imahinasyon ng El Filibusterismo kung saan sina Padre Florentino at Simon ay napag-usapan ang haba ng pangangailangan ng pagbabago ng isang tao para matamo ang pagbabago ng lipunan.

Sa programang paggunita rito, iba't-ibang angkop na programa ang idinaos na pawang nakatuon sa tema ng selebrasyon ngayong taon na:

(Sundan sa pahina 7)





TAON 2, BLG. 8 DAET, CAMARINES NORTE DISYEMBRE, 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



*Ang mga nakiisa sa isinagawang programang paggunita sa pagka-martir ni Gat Jose P. Rizal na itinaguyod ng pamahalaang panlalawigan at sinuportahan ng Knights of Rizal gayundin ng Philippine National Police (PNP) na pinamumunuan ni Provincial Director Esquievel.*

# Groundbreaking/Extension & Bagasbas Boulevard Blessing












*Pinangunahan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang ground breaking/extension at blessing ng Bagasbas Boulevard. Sinimulan ito sa pamamagitan ng pagbasbas ni Fr. Toti Angeles sa lugar ng proyekto na sinundan ng paglalagay ng time capsule kung saan nakatuwang ng gobernador sina Daet Mayor Tito S. Sarion at Exec. Asst. IV/OIC Provl. Admin. Jose G. Boma. Ito ay sinaksihan ng maybahay ng gobernador na si Gng. Josie Baning-Tallado at ng mga Bokal na sina Ligaya Lo-Pedron, Rodolfo V. Gache at Romeo Marmol . Dumalo rin sa okasyon ang ilang opisyal at kawani ng pamahalaan panlalawigan partikular na ang Provincial Engineer's Office sa pangunguna ni PE Cesar C. Paita. Layunin ng naturang proyekto na pagdugtungin ang mga bayan ng Daet, Talisay at Vinzons sa pamamagitan ng circumferential road na ito. Pagkatapos ng naturang groundbreaking/extension at blessing ceremonies, isinagawa naman ni Fr. Toti S. Angeles ang pagbasbas sa bagong kasasaayos na Bagasbas Boulevard. Katuwang si Daet Mayor Sarion, pinangunahan ni Gob. Tallado ang pagputol sa laso na naghudyat sa pormal na pagbubukas sa publiko ng naturang daan sa kahabaan ng Bagasbas Beach. Sinaksihan din ito nina EA IV/OIC PA Boma, Mam Josie B. Tallado, at sina Bokal Ligaya Lo-Pedron, Romeo Marmol at Pol Gache.*